



## Talaan ng Impormasyon para sa Magulang 4:

# Tungkol sa ice/methamphetamine

Ang droga ay isang sangkap maliban sa pagkain, na ginagamit upang baguhin ang paraan ng paggana ng katawan at/o ng kaisipan.

Ang mga droga na nakakapagbago ng lagay ng loob (mood) ay tinatawag na mga drogang psychoactive. Ang mga ito ay nakakaapekto kung paano nag-iisip, nakakaramdam at kumikilos ang isang tao.

### Ano ang Methamphetamine?

Ang Methamphetamine ay isang uri ng pampasigliang amphetamine na nagpapabilis ng paggana ng utak at 'central nervous system' (sentrong sistema ng nerbiyos na kumokontrol at nagkokoordina ng lahat ng gawain ng katawan). Ito ay may tatlong porma:

- speed – pulbos na droga o tableta
- base – isang malapot at may-langis na sangkap
- ice – mga kristal o magaspang na pulbos na tila-kristal

Depende sa kung anong porma ang ginagamit, ang methamphetamine ay malulunok, masinghot, mahihitit o maiiniksiyon, at bawat paraan ng paggamit ay may kanya-kanyang mga panganib.

Ang 'psychosis' ay kung saan ang isang tao ay nakakaranas ng mga guniguni, maling paniniwala at paranoia: ang mga sintomas na ito ay karaniwang nawawala nang mga ilang araw matapos huminto ang isang tao sa paggamit ng methamphetamine.

### Mga Epekto ng Methamphetamine

Ang mga epekto ng methamphetamine ay magkakaiba sa bawat tao at depende sa porma at dami ng drogang ginagamit, kung ano ang kanilang nararamdaman at kung saan sila gumagamit ng droga. (Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang *Talaan ng Impormasyon para sa Magulang 3: Hindi lamang ito tungkol sa droga* sa website ng SDERA.)

Ang ilan sa mga pampisikal at pangkaisipang epekto ng paggamit ng methamphetamine ay:

- humina ang ganang kumain
- mas malakas na pagnanais na makipagtalik, pagkapukaw ng sekswal na pakiramdam
- paggiling ng mga ngipin at pagngangalit ng panga
- nagpapakita ng pagkapoot
- di-pangkaraniwang pakikipagsapalaran
- pagiging balisa, nangatatapot, agresibo
- bumilis na tibok ng puso at tumaas na presyon ng dugo
- nanlalaking balintataw, pagpapawis
- kahirapang matulog at di-pagkapakali
- mabilis/di-regular na paghinga, sakit sa dibdib
- may tiwalang pakiramdam, alisto, masigla, malakas.

Ang mas matagal o mas madalas na paggamit ng isang tao sa methamphetamine, mas malaki ang tsansa na sila ay dadanas ng mga kapinsalaan gaya ng:

- di-pagkakatulog at kapaguran
- kawalan ng tulog
- mahinang kondisyon dahil sa di-wastong pagkain
- toleransiya at pag-asa sa iba
- mga biglang pagbugso ng galit
- mga problema sa ngipin
- hindi ginagawa ang araling-pampaaralan o dumadalang ang pagpasok sa paaralan
- problema sa pulis
- pagkalungkot, pag-aalala at pagbagu-bagong lagay ng loob
- mga pagkasira ng pakikipagrelasyon
- panganib na magkaroon ng atake serebral (stroke) at atake sa puso
- mga problema sa memorya at konsentrasyon
- may mga panahong nagkakaroon ng mga guniguni (psychosis).

### Methamphetamine: pagmamaneho at ang batas

Labag sa batas ang paggamit, pagkakaroon pagsuplay o paggawa ng methamphetamine. Ang pagmamaneho habang nasa ilalim ng impluwensiya ng methamphetamine ay maaaring humantong sa pagkaramdam ng sobrang tiwala, di-mabuting paghusga at kilos na mapagsapalaran. Ang pulisya sa Western Australia ay nakatatasa ng mga tsuper para sa mga pampasigliang uri ng amphetamine.



## Ano ang dapat gawin sa oras ng isang emerhensiya

Ang pag-overdose ng methamphetamine ay nangyayari kahit na kaunti lamang nito ang ginamit. Kapag nag-overdose ang isang tao, sila ay maaaring makaranas ng biglaan at matinding sakit ng ulo, mabilis na mabilis, di-regular, o mahinang pagtibok ng puso, tumaas na temperatura ng katawan, pagkakaroon ng guniguni o kamatayan.

Kung ikaw ay nag-aalala na ang isang tao ay maaaring nanganganib dahil sa pagkagamit ng methamphetamine at/o iba pang droga, tumelepono agad-agad sa 000. Ang mga paramedic ay karaniwang magsasangkot lamang ng pulis kung sila ay pinagbabantaan, kung ang iba ay nababantaan, may krimeng nangyari o kung may taong namatay.



## Humingi ng tulong at payo

Hindi ka nag-iisa. May mga serbisyo kang magagamit upang makakuha ng pinakamabuting tulong para sa iyong sitwasyon. Maaari ka ring makipag-usap sa iyong doktor, sa iyong lokal na Community Alcohol and Drug Service (Serbisyo sa Komunidad ukol sa Alak at Droga) o:



## PARA SA IMPORMASYON

### ■ SDERA

t: (08) 9402 6415  
e: [sdera.co@education.wa.edu.au](mailto:sdera.co@education.wa.edu.au)  
w: [www.sdera.wa.edu.au](http://www.sdera.wa.edu.au)

### ■ Australian Alcohol and Drug Foundation

w: [www.adf.org.au](http://www.adf.org.au)

### ■ Drug Aware

w: [www.drugaware.com.au](http://www.drugaware.com.au)

## PARA SA TULONG

### ■ Meth Helpline

24/7 libre at kompidensiyal, pagpapayo at pagsangguni  
t: 1800 874 878  
e: [alcoholdrugsupport@mhc.wa.gov.au](mailto:alcoholdrugsupport@mhc.wa.gov.au)  
w: [alcoholdrugsupport.mhc.wa.gov.au](http://alcoholdrugsupport.mhc.wa.gov.au)

### ■ Alcohol and Drug Support Line

t: (08) 9442 5000  
t: 1800 198 024 (mga tumatawag na nasa probinsiya)  
e: [alcoholdrugsupport@mhc.wa.gov.au](mailto:alcoholdrugsupport@mhc.wa.gov.au)

### ■ Parent and Family Drug Support Line

t: (08) 9442 5050  
t: 1800 653 203 (mga tumatawag na nasa probinsiya)  
e: [alcoholdrugsupport@mhc.wa.gov.au](mailto:alcoholdrugsupport@mhc.wa.gov.au)

### ■ Aboriginal Alcohol and Drug Service

t: (08) 9221 1411  
e: [info@aada.org.au](mailto:info@aada.org.au)  
w: [www.aads.org.au](http://www.aads.org.au)

## MGA SERBISYO NG TAGASALIN SA WIKA

Kung hindi mo unang wika ang Ingles, ikaw ay makakukuha ng libreng suporta ng pagsasalin sa wika mula sa Translating and Interpreting Service  
t: 131 450

## MGA KAHIRAPAN SA PANANALITA O PANDINIG

Kung ikaw ay bingi, o may pinsala sa pandinig o pananalita, kontakin ang National Relay Service  
t: 1800 555 660  
e: [helpdesk@relayservice.com.au](mailto:helpdesk@relayservice.com.au)  
w: [www.relayservice.gov.au](http://www.relayservice.gov.au)

